# Pagbabahagi ng Buhay

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong board game? Bakit mo ito hilig?
- Ibahagi ang isang pagkakataon na gising ka buong magdamag dahil sa pakikipag-usap sa isang miyembro ng inyong pamilya o kaibigan. Paano ito nangyari? Ano ang naramdaman mo?
- Balikan ang isang panahon kung kailan may nagturo sa iyo ng isang bagong kakayahan o kaisipan? Ano ang naramdaman mo?

**WORD**

*[10]Binigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin ng kaloob. Gamitin natin ito para sa ikabubuti ng lahat bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos. [11]Ang binigyan ng kaloob sa pangangaral ay dapat mangaral ng salita ng Diyos. At ang binigyan ng kaloob para maglingkod ay dapat maglingkod ayon sa kakayahang ibinigay sa kanya ng Diyos, upang mapapurihan ang Diyos sa lahat ng ginagawa natin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Makapangyarihan siya at karapat-dapat purihin magpakailanman! Amen.* **1 PEDRO 4:10,11**

(Basahin din ang **1 CORINTO 12:31.**)

---

Ang ebanghelyo, mga ginawa ni Jesus para sa atin sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay, ay nagbabago at nagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay ng may pagpapakumbaba, pagmamahal, at pagpapatawad, na siya namang itinakda ng Diyos. Ang pakikipag-ugnayan sa mga mananampalataya ay tungkol sa pagbabahagi ng buhay, paggamit ng mga kaloob sa atin ng Diyos upang paglingkuran ang isa't-isa, at parangalan ang Diyos bilang Kanyang iglesya. Sa araling ito, titignan natin ang tatlong aspeto ng mga kaloob na ibinigay ng Diyos sa Kanyang iglesya.

## 1 Ang Pinagmulan ng mga Kaloob

*Binigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin ng kaloob. Gamitin natin ito para sa ikabubuti ng lahat bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos.* **1 PEDRO 4:10**

Ang bawat isang mananampalataya ay nakatanggap ng espirituwal na *kaloob* mula sa Diyos. Hindi natin pinagsumikapan ang alinman sa mga kaloob na ito gamit ang ating sariling pagsisikap o kakayahan. Ang mga ito ay ibinigay ng Diyos upang ibahagi sa iglesya, hindi upang kimkimin o kaya ay gamitin sa ating pansariling kapakanan. Ang pagkilala sa katotohanang ito ang simula nang paggamit sa mga kaloob para sa itinakdang layunin ng Diyos. Ano ang mangyayari kung hindi natin kikilalanin na ang Diyos ang pinagmulan ng mga kaloob na ito?

## 2 Ang Dahilan ng mga Kaloob

*[10] . . . Gamitin natin ito para sa ikabubuti ng lahat bilang mabubuting katiwala ng iba'hit ibang kaloob ng Diyos. [11]Ang binigyan ng kaloob sa pangangaral ay dapat mangaral ng salita ng Diyos. At ang binigyan ng kaloob para maglingkod ay dapat maglingkod ayon sa kakayahang ibinigay sa kanya ng Diyos . . .* **1 PEDRO 4:10,11**

Inilarawan ni Pedro ang mga kaloob na maaaring magamit sa pagsasalita at paglilingkod. Ang mga kaloob sa atin ng Diyos ay itinakda upang mapaglingkuran natin ang isa't-isa. Ngayong alam na natin ito, mayroon tayong tungkulin na maging *mabubuting katiwala.* Ang may kaloob ay dapat gamitin sa pangangaral ng salita ng Diyos sa komunidad. Ang may *kaloob sa paglilingkod ay dapat na maglingkod* sa iba gamit ang kalakasan na ibinibigay ng Diyos. Paano mo natutunan na maging katiwala ng mga kaloob na ibinigay sa iyo ng Diyos?

## 3 Ang Layunin ng mga Kaloob

*. . . upang mapapurihan ang Diyos sa lahat ng ginagawa natin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Makapangyarihan siya at karapat-dapat purihin magpakailanman! Amen.* **1 PETER 4:11**

Naipangaral ang ebanghelyo sa unang pagkakataon sa Mga Gawa 2 at 3,000 ang nadagdag sa bilang ng mga mananampalataya. Patuloy na lumaki ang bilang nila sa bawat paglipas ng araw hindi lamang dahil sa pagpapangaral ng ebanghelyo, kundi dahil sa ugnayan ng mga bahagi ng komunidad ng iglesya. Ang mga espirituwal na kaloob na ito ay itinakda upang maparangalan ang Diyos at magabayan ang iba tungo kay Cristo. Habang ginagamit natin ang mga ito upang paglingkuran ang iba, nakikipag-ugnayan tayo sa ating kultura at komunidad gamit ang ebanghelyo. Paano makikilala ng ibang tao ang Diyos habang ginagamit mo ang mga kaloob at kakayahan na bigay Niya?

## APPLICATION

- Ano ang mga kaloob ng Diyos sa'yo? Paano mo sila magagamit para sa Kanyang mga layunin?
- Ano ang isang bagay na nagugustuhan mo tungkol sa iglesya? Paano mo patuloy na maibabahagi ang iyong buhay sa iglesya habang sama-sama kayong nagsisilbi sa Diyos?
- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang makapagsilbi sa iyong komunidad ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang mga kaloob sa atin na nagagamit natin upang makapagsilbi sa ating kapwa. Pasalamatan Siya sa pagkakataon na maibahagi ang ating buhay sa ibang namumuhay rin para sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na makapagsilbi sa iba at maipamahagi ang Kanyang Salita.
- Ipanalangin na ang mga kaloob sa iyo ng Diyos ay magbunga sa itinakda Niyang layunin. Ipanalangin na marami pang makakilala sa Kanya sa pamamagitan ng iyong buhay, kakayahan, at patotoo.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph